**EsP 6 Worksheet No. 3**

Pangalan ___________________________________ Pangkat _____________
Petsa ___________________ Marka________________

# Pagpapatupad ng Batas Para sa Kalikasan, Susuportahan Ko

**TANDAAN:** Kapag napangalagaan natin ang ating kalikasan matitiyak natin na magiging maayos at kaaya-aya ang ating kapaligiran. Mapapakinabangan ng lahat hindi lamang sa kasalukuyan pati na rin ng susunod na henerasyon. Maisasakatuparan natin ang pangangalaga sa ating kalikasan sa pamamagitan ng pagsunod sa mga batas na ipinapatupad ng ating pamahalaan. Suportahan natin ang mga programang pang kalikasan upang sa gayon mananatili ang kaayusan at kagandahan ng ating bansa at ng buong mundo.

**Gawain ng Pagkatuto Bilang 1: Panuto:** Isulat ang **TAMA** kung nagpapakita ng pangangalaga at pagmamalasakit sa kapaligiran at **MALI** kung hindi.

________1. Ang aming barangay ay nagsagawa ng proyekto ukol sa paghihiwalay ng mga nabubulok at di-nabubulok na basura.

________2. Mga organikong pataba lamang ang ginagamit ni Mang Jose sa kaniyang mga pananim.

________3. Sinusunog ni Aling Concha ang mga plastik at goma upang mabawasan ang kanilang basura.

________4. Walang makitang basurahan si Ghelo na pagtatapunan ng balat ng kaniyang kendi kaya inilagay na lang muna niya ito sa kaniyang bulsa.

________5. Ang mga sakahan sa aming karatig bayan ay pinagtayuan ng mga pabrika.

________6. Itinapon ni Kris ang mga basura sa ilog.

________7. Hinahayaan lang ang mga basura na nakakalat sa kalsada.

________8. Binaril ng mangangaso ang agila kahit alam niyang isa ito sa mga hayop na nanganganib ang uri.

________9. Nagsasagawa ng kaingin ang mga lumilipat sa kabundukan.

________10.Iniipon ng aking mga kabarangay ang mga plastik na bote upang gawing upuan.

**Quarter:3,Week:3 Nakapagpapakita ng tapat na pagsunod sa mga batas pambansa at pandaigdigan tungkol sa pangangalaga sa kapaligiran Code: EsP6PPPIIIf–37**
**Inihanda ni: Sheila G. Jove**

LIVEWORKSHEETS